

## ***Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 128 – Ang mga Nangatatakot sa Dios Sila’y Mayroong Pinagpalang Pamilya at Pinagpalang Simbahan***

***“1 Mapalad ang bawa’t isa na natatakot sa Panginoon, na lumalakad sa kaniyang mga daan. 2 Sapagka’t iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay: magiging maginhawa ka, at ikabubuti mo. 3 Ang asawa mo’y magiging parang mabungang puno ng ubas, sa mga pinakaloob ng iyong bahay: ang mga anak mo’y parang mga puno ng olibo, sa palibot ng iyong dulang, 4 Narito, na ganito nawa pagpalain ang tao, na natatakot sa Panginoon. 5 Pagpapalain ka ng Panginoon mula sa Sion: at iyong makikita ang buti ng Jerusalem sa lahat na kaarawan ng iyong buhay. 6 Oo, iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak. Kapayapaan nawa’y suma Israel.” (Awit 128:1-6)***

Ang pagtakot sa Dios ay isang osapilitang pangangailangan upang ang Kanyang pagpapala ay ipagkaloob at makarating sa atin. Binabanggit sa ***Awit 128*** ang pinagmumulan ng mga pagpapala para sa mga pamilya. Nagbibigay ito sa atin ng malinaw at malalim na larawan tungkol sa magandang kinabukasan na itinalaga ng Dios para sa ating pamilya.

Sa ***Awit 128*** itinuturo sa atin na ang kasaganaan ng ating pamilya ay nakadepende sa mga pagpapala ng Dios; dito ay itinuturo sa atin na ang tanging paraan upang matamo ang gayong mga pagpapala na magpapaghawa sa ating pamilya ay ang mamuhay sa pagtakot sa Dios at sa pagsunod sa Kanya.

***“1 Mapalad ang bawa’t isa na natatakot sa Panginoon, na lumalakad sa kaniyang mga daan.” (Awit 128:1 KJV)*** Ang pagpapala ng Dios ay darating at itinakda para sa mga natatakot sa Kanya. Ang mga tanda ng mga natatakot sa Kanya ay ang mga nagtitiis na lumakad sa Kanyang mga landas. Oo at totoo, mapalad ang lahat ng natatakot sa PANGINOON, na lumalakad sa pagsunod sa Kanya. Sila ang mga may malalim na pagkatakot sa Dios sa kanilang mga espiritu at pinapatunayan ito sa pamamagitan ng regular at palagiang pagsunod sa Kanyang kalooban at pagsunod sa Kanyang Salita. Ang pagkatakot sa Dios ay gawin ang konsensya kapwa sa pagsunod sa Kanyang mga landas at utos, at hindi paglayo sa Dios. Pinagpapala ng Dios ang mga taong natatakot sa Kanya. Sila’y pinagpapala ngayon; sila’y pagpapalain pa rin, at sila’y pagpapalain magpakailanman. ***“4 Narito, na ganito nawa pagpalain ang tao, na natatakot sa Panginoon.” (Awit 128:4) Samakatuwid bilang nagpasya ka ngayon na magsimulang matakot sa Dios at lumakad ayon sa Kanyang kalooban at sa pagsunod sa Kanyang Salita, kung gayon tutulongan ka ng Dios at pagpapalain ka.***

Ang pagpapalang ito ng Dios sa mga natatakot sa Kanya ay natitiyak at sa lahat ng mga banal sa lahat ng dako. Mapalad ang lahat ng may takot sa Panginoon, maging sino man siya; sa bawat bansa siya na may takot sa Dios at gumagawa ng kabutihan ay tinatangap Niya, at samakatuwid siya ay pagpapalain mataas man siya o mababa, mayaman o mahirap sa mundo. Ang mga gumagawa nito, sa pangkalahatan, ay pagpapalain pa at bilang mga sumusunod:-

***1. Sila’y magiging masagana at matagumpay sa kanilang hanapbuhay at trabaho: “2 Sapagka’t iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay: magiging maginhawa ka, at ikabubuti mo.” (Awit 128:2 KJV)*** Sa pamamagitan ng mga pagpapala ng Dios, magkakaroon sila ng tapat na pinagkukunan ng kita, trabaho o propesyon, at mabubuhay sila nang komportable dito. ***\* Kapag natatakot kayo sa Dios bibigyan kayo ng Dios ng pinagkukunan ng kita o trabaho na mamuhay kayo nang komportable dito. \* Hindi ipinangako na kayo ay mabubuhay nang payapa, nang walang pag-iingat o sakit, kundi, “iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay:” na nangangahulugang sa pangakong ito ng Dios na magkakaroon kayo ng gawaing gagawin; na hindi ka mabubuhay ng tamad, sapagkat ang buhay na tamad o walang ginagawa ay isang miserable at hindi komportableng buhay.***

***\* Nang sinabing, “iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay”, na nangangahulugang ikaw ay magkakaroon ng kalusugan at kalakasan para magtrabaho, at kakayanan ng isip upang gawin ito.***

\* Nang sinabing, ***“iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay”***, na nangangahulugang hindi ka mapipilitang pumunta sa iba at humingi sa kanila ng pagkain at iba pang kailangan; hindi ka magiging katulad ng mga mahihirap na may kapansanan at nabubuhay sa pagsisikap ng ibang tao.

\* Nang sinabing, ***“iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay”***, ito’y nangangahulugang mas maraming awa, dahil ikaw ay gumagawa at kumakain ng iyong sariling tinapay gaya ng iniutos ni Pablo sa mga taga Tesalonica na gawin gaya ng mababasa natin dito, ***“12 Sa mga gayon nga ay aming iniutos at ipinamamanhik sa Panginoong Jesucristo, na sila’y magsigawang may katahimikan, at magsikain ng kanilang sariling tinapay.” (2 Tesalonica 3:12 KJV)***

\* Nang sinabing, ***“iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay”***, ito’y nangangahulugang ang mga natatakot sa Dios ay magtatagumpay sa kanilang trabaho, at masisiyahan sila sa makukuha nila. Gayundin ang iba ay hindi lalapit at kakainin ang tinapay na mula sa kanilang mga bibig, ni hindi ito kukunin sa kanila ng mapang aping mga pinuno o bilang mga mapanghimasok na kaaway. Hindi ito isasaboy o ibubuga ng Dios tulad ng ginawa Niya, ***“9 Kayo’y nangaghintay ng marami, at, narito, ang dumating ay kaunti; at nang inyong dalhin sa bahay, aking hinipan. Bakit? sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Dahil sa ang aking bahay ay nahahandusay na wasak, samantalang tumatakbo bawa’t isa sa inyo sa kanikaniyang sariling bahay. “ (Haggai 1:9 KJV)***

***“magiging maginhawa ka, at ikabubuti mo.”*** Kung natatakot ka sa Dios at lumalakad sa Kanyang mga landas kung gayon masaya, mapalad, at magiging masagana ka at magiging mabuti ka. Ang Dios ay tapat, at ipagkakaloob Niya ang paglingap, kasiyahan, kasaganaan sa iyo bilang natatakot ka sa Kanya at lumalakad sa Kanyang mga landas. Bilang natatakot ka sa Dios ikaw ay magkakaroon ng isang mabuting kalusugan, trabaho, pagsusumikap nang may kasiya-siyang kita, mabuti at sapat na mga mapagkukunan, kasaganaan ng mga pagpapalang matatamasa mo, at magandang halaga ng pag-iimpok, at malinaw na masaganang paraan at kinabukasan.

Kaya, sa mga natatakot sa Dios ay magkakapagtrabaho at magkakaroon ng pagsusumikap, paggawa, kasiya siyang kita, mabuti at sapat na mga mapagkukunan, kasaganaan, pagdaloy ng pera, mahusay na halaga ng pag iipon, at iyon ang magbibigay daan sa susunod na hakbang ng pagpapala ng Dios sa kanilang buhay.

**2. Na sila ay magkakaroon ng kasaganaan ng kaginhawahan sa kanilang mga kaugnayan sa pamilya at ang kanilang mga kaugnayan ay may pagkakasundo at pagkakaisa: “3 Ang asawa mo’y magiging parang mabungang puno ng ubas, sa mga pinakaloob ng iyong bahay: ang mga anak mo’y parang mga puno ng olibo, sa palibot ng iyong dulang.” (Awit 128:3 KJV)** Ang makaDios na asawang babae, lalaki at mga anak ay kasunod na pagtataguyod ng Dios sa mga natatakot sa Kanya. Ang asawang lalaki, babae at mga anak ay ang mga bagay na iniingatan at interesado ang tao, at kaya ibibigay ng Dios sa mga ito sa mga natatakot sa Kanya.

***“Ang asawa mo’y magiging parang mabungang puno ng ubas, sa mga pinakaloob ng iyong bahay:”*** Ang asawa ng lalaking natatakot sa Dios ay hindi magiging tulad ng isang kumakalat na puno ng ubas na nagsisilbing palamuti, kundi bilang isang mabungang puno ng ubas na nagdudulot at nagdaragdag ng mga pagpapala sa kanyang asawa; na kapwa siya at ang Dios ay malulugod, gaya ng mababasa natin dito tungkol sa bunga ng puno ng ubas na nagpapasaya sa Dios at sa tao: ***“13 At sinabi ng puno ng ubas sa kanila, Akin bang iwan ang aking alak, na nagpapasaya sa Dios at sa tao, at yayaong makipagindayunan sa mga puno ng kahoy?” (Mga Hukom 9:13 KJV)*** Kaya bilang natatakot ka sa Dios, bibigyan ka Niya ng asawa na magiging mabunga at masipag sa iyo, gagamitin niya ang lahat ng oras sa bahay sa paggawa ng mabuti at kapaki-pakinabang na mga bagay; pagluluto, pagbabake, paggawa ng mga matatamis at inuming prutas, paglalaba, pananahi at paggawa ng mga damit, paglilinis, pagtatanim sa hardin ng mga halaman at gulay, pgtuturo at ang lahat ng kapaki-pakibang na mga gawain para sa kabutihan ng pamilya.

Ang puno ng ubas ay mahina at malambot na halaman, at kailangang alalayan at pahalagahan, sapagkat ito’y napaka halagang halaman. Ang lugar ng asawang babae sa tahanan ng asawa; doon namamalagi ang kanyang tungkulin, at iyon ang kanyang kastilyo. Ang kanyang kinalalagyan ay sa tabi ng mga gilid ng bahay, hindi sa ilalim ng paa upang yapakan at hindi pa sa tuktok ng bahay upang mangibabaw (sapagkat kung siya ay gayon, siya ay tulad lamang ng damo sa ibabaw ng bahay na malapit nang matuyo). Ngunit ang asawa ay upang maging sa gilid ng bahay, pagiging isang tadyang sa labas ng gilid ng lalaki. Siya’y magiging mapagmahal na asawa, gaya ng puno ng ubas, na

kumakapit sa gilid ng bahay. Ang masunuring asawa ay gaya ng puno ng ubas, na masunurin, nakayuko, sunod-sunuran, madaling makibagay, at lumalago ayon sa tagubilin. Siya ay magiging mabunga gaya ng puno ng ubas, hindi lamang sa pagdadalang tao, kundi sa bunga ng karunungan at katuwiran at mabuting pangangasiwa. Ang mga sanga nito ay dumadaloy sa haligi tulad ng mababasa natin dito ang tungkol sa paglalarawan tungkol sa puno ng ubas, **“22 Si Jose ay sangang mabunga, Sangang mabunga na nasa tabi ng bukal; Ang kaniyang mga sanga’y gumagapang sa pader.” (Genesis 49:22) “8 Ikaw ay nagdala ng isang puno ng ubas mula sa Egipto; iyong pinalayas ang mga bansa, at itinanim mo yaon. 9 Ikaw ay naghanda ng dako sa harap niya, at napailalim ang ugat, at pinuno ang lupain. 10 Ang mga bundok ay natakpan ng lilim niyaon, at ang mga sanga niyaon ay gaya ng mga sedro ng Dios. 11 Kaniyang pinaabot ang kaniyang mga sanga hanggang sa dagat, at ang kaniyang mga suwi hanggang sa ilog.” (Awit 80:8-11 KJV) Ang asawang babae ay katulad ng mabungang puno ng ubas, hindi nakakasagabal sa lupa, hindi mamumunga ng maasim na ubas, o ubas ng Sodoma, kundi mabuting bunga, kapaki-pakinabang at pagpapala sa kanyang asawa.**

**“Ang mga anak mo’y parang mga puno ng olibo, sa palibot ng iyong dulang.”** Ang mga anak ng lalaking natatakot sa Dios ay magiging gaya ng puno ng olibo o mga tangkay, at kalaunan sa tamang panahon ng Dios sila’y magiging puno ng olibo sa pamamagitan ng kanilang sarili. Ito ay kaaya-aya sa mga magulang na may dulang na nakapalibot, upang makita ang mga anak na nakapalibot dito, na mayroong maraming anak, sapat na upang palibutan ito, at ang mga kasama ng mga ito, at hindi nakakalat, o ang mga magulang ang sapilitang lumayo sa kanila. Tungkol sa bagay na ito ginawa ni Job sa Bibliya na isa sa mga unang pagkakataon ng kanyang dating kasaganaan na ang kanyang mga anak ay nakapalibot sa kanya tulad ng mababasa natin dito, **“5 Noong ang Makapangyarihan sa lahat ay sumasaakin pa, at ang aking mga anak ay nangasa palibot ko;” (Job 29:5 KJV)** Gustung-gusto ng mga magulang na ang kanilang mga anak ay nasa hapag, ang pag-uusap sa hapag-uusap, ang pagkakaroon ng mga ito sa kalusugan, ang pagkakaroon ng mga ito na parang mga halaman ng olibo o mga tangkay, tuwid at berde, na sinisipsip ang katas ng kanilang mabuti at makadiyos na edukasyon, at malamang na sa takdang panahon ay gagawa sa paglilingkod sa Diyos. Ang mga halaman ng olibo ay pinarami ng pagtatanim ng mga tangkay na nagmumula sa paligid ng pangunahing katawan ng puno; Ang magsasaka ay puputulin ang mga tumubo na mga tangkay at itanim ang mga ito sa mga bagong lugar upang maging mga bagong puno. Ang pagpapala ng Dios sa mga taong may takot sa Kanya, ay ang pagbibigay sa kanila mula sa kanilang mga anak ng mga bagong pamilya na may takot sa Dios. **Kapag natatakot kayo sa Dios, ang inyong mga anak ay magiging tulad ng mga olibo shoot sa paligid ng inyong mesa. Sila ay lalago at aalagaan ninyo at ituturo ninyo sa kanila ang pagkatakot sa Dios; sila ay maglilingkod sa Dios kasama mo at sa kalaunan, habang sila ay handa nang mabuti at sa takdang panahon ng Dios makikita mo silang yayaon sa tulong ng Dios sa mga pamilyang maka Dios.**

**3. Sila ay mabubuhay upang makita ang mga pamilya ng kanilang mga anak na pinalaki sa isang Makadiyos na paraan: “6 Oo, iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak. Kapayapaan nawa’y suma Israel.” (Awit 128:1-6)** Ang mga natatakot sa Dios ay mabubuhay sila nang matagal, upang matamasa ang mga kaginhawahan ng mga susunod na salinlahi: Oo **“iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak,”** tulad ng nakita ni Jose sa mga anak ng kanyang mga anak gaya ng mababasa natin dito, **“23 At nakita ni Jose ang mga anak ni Ephraim hanggang sa ikatlong salin ng lahi; ang mga anak man ni Machir na anak ni Manases ay ipinanganak sa mga tuhod ni Jose.” (Genesis 50:23 KJV)** Bilang natatakot ka sa Dios ang iyong pamilya ay mabubuo at magpapatuloy, at magkakaroon ka ng kasiyahan na makita ang mga anak ng iyong mga anak. Ang mga mabubuting bata, ay ang korona ng matatandang lalaki gaya ng mababasa natin dito, **“6 Ang mga anak ng mga anak ay putong ng mga matatandang tao; at ang kaluwalhatian ng mga anak ay ang kanilang mga magulang.” (Kawikaan 17:6 KJV)** Ito ay isang malaking kasiyahan upang makita ang makaDios na apo. Kung ikaw ay isang maka Dios na lalaki o babae kung gayon ito ang aking mga nais sa iyo: Nawa’y mabuhay ka upang makita ang mga anak ng iyong mga anak. **Kapag tayo ay natatakot sa Dios at lumalakad sa Kanyang mga daan at sa pagsunod sa Kanyang Salita at habang tayo ay pinapatnubayan ng Banal na Espiritu, kung gayon ay ipinapaabot natin ang turo ng Salita ng Dios at ang matibay na panampalataya sa ating mga anak, na poprotektahan at pangangalagaan ng Dios at sila ay magpapalaki sa takot sa Dios at magkakaroon ng mga pamilyang Makadiyos at magpapalaki ng isang Makadiyos na mga anak at kaya ang panampalataya ay mapapanatili sa mga susunod na henerasyon hanggang sa dumating ang panahon na darating si Jesus at isama tayo sa Langit. Yaong mga natatakot sa Dios ay magkakaroon sila ng malaking pag-aalala na itayo ang Simbahan ng Dios; palalakasin nila ang simbahan sa pamamagitan ng isang maka Dios na mga anak, at bilang kapalit ang makadiyos na simbahan na may takot sa Dios ay mag aambag sa mga pagpapala ng Dios sa mga**

pamilya na bahagi ng simbahan at tutulungan sila at ibahagi sa kanila kung paano magpalaki ng mga anak na maka Dios.

**4. Ang mga natatakot sa Dios ay magkakaroon ng kasiyahan na makita ang Simbahan ng Dios sa isang yumayabong at maunlad na kalagayan: “5 Pagpapalain ka ng Panginoon mula sa Sion: at iyong makikita ang buti ng Jerusalem sa lahat na kaarawan ng iyong buhay. 6 Oo, iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak. Kapayapaan nawa'y suma Israel.” (Awit 128:5-6 KJV)**

**“Pagpapalain ka ng Panginoon mula sa Sion:”** Ibig sabihin, pagpapalain kayo ng Panginoon mula sa Sion, **“at iyong makikita ang buti ng Jerusalem sa lahat na kaarawan ng iyong buhay.”** Ang mga pagpapala mula sa Sion o mula sa Sion at ang pinakamabuting pagpapala, na dadaloy, hindi mula sa karaniwang lingap na ipinadala ng Dios sa lahat ng mga uri ng tao, kundi mula sa espesyal na biyaya, at sa pamamagitan ng mga pangako ng Dios na ipinadala Niya ang kalakasan sa iyo gaya ng sinabi Niya at mababasa natin dito: **“1 Ang Panginoon ay sumasagot sa iyo sa araw ng kabagabagan; itaas ka sa mataas ng pangalan ng Dios ni Jacob. 2 Sakloloan ka mula sa santuario, at palakasin ka mula sa Sion;” (Awit 20:2 KJV)** Ang Sion ay kung saan nanahan ang Dios kasama ng Kanyang bayan, nangangalaga sa kanila, nagbibigay sa kanila, nagpoprotekta sa kanila, nagbantay sa kanila, gumagabay sa kanila, at lumalabas sa harap nila upang labanan ang kanilang mga digmaan at harapin ang kanilang mga kaaway. **Ngayon ang Dios ay nananahan sa atin bilang Kanyang simbahan at sa atin bilang Kanyang bayan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, na gumagawa at gagawin sa atin tulad ng ginagawa Niya noong Siya ay nanirahan kasama ng Kanyang bayan sa Sion, sa bundok, kung saan ang Kanyang santuwaryo ay kanilang kasama nila.**

Kaya kung natatakot ka sa Dios magkakaroon ka ng mga bagay na ipinangako ng Dios at kung ano ang ipinalangin mo ay magkakatotoo. Pagpapalain ka ng Panginoon mula sa Sion, kung saan naroon ang Kaban ng Tipan, at kung nasaan ang Simbahan ng Dios ngayon. Na makikita mo ang kapakanan ng simbahan ng Dios na lumalaki at bumubuti, at ang mga ministeryo ng simbahan ay nagpapabuti, sumusulong at lumalaganap sa ilalim ng kapayapaan ng Dios.

\* Kayo na may takot sa Dios ay hindi lamang ang kasaganaan ng inyong pamilya ang hangarin kundi maging ang kasaganaan ng Simbahan ng Dios na inilagay sa atin ng Diyos upang maitayo ito kasama Niya. \* Kaya nga, at dahil dito, na kapag patuloy kang natatakot sa Dios sa gayon ay makikita mo na pinaunlad ng Dios ang iyong pamilya at masisiyahan kang makita ang mga anak ng iyong mga anak, gayundin ikaw ay pagpapalain sa pagpapala ng Sion, na **“makikita mo ang kabutihan ng Jerusalem sa lahat ng araw ng iyong buhay”**; kayo ay magiging bahagi ng isang makadiyos na pamilya o bahagi ng isang makadiyos na Simbahan at ministeryo; hindi lang ikaw kundi pati na rin ang mga anak mo at mga anak ng mga anak mo.

Ang isang mabuting tao na natatakot sa Dios ay hindi gaanong mapapanatag na makita ang mga anak ng kanyang mga anak, maliban kung makita niya ang kapayapaan sa Simbahan ng Dios, at may pag-asang maipaabot ang pagkatakot sa Dios sa mga susunod sa kanya; sapagkat iyon ang pinakamagandang mana na kanyang pagsisikapang maipasa sa susunod na henerasyon.

**Sa aking mahal at minamahal:** Mababasa at inaawit natin ang awit 128 sa matibay na paniniwala ng katotohanang ito; na ang pagktakot sa Diyos at kabanalan ang matalik na kaibigan tungo sa panlabas na kasaganaan sa ating pamilya at sa ating simbahan, sa ating mga anak at kalaunan sa kanilang pamilya at sa mga susunod na henerasyon. Kaya nga at batay doon, lumapit tayo sa Dios nang may pagtitiwala nangangako tayo nang lubusan na mamuhay sa pagkatakot sa Dios, sumusunod sa Kanyang Salita at ipamuhay ang Kanyang mga utos, upang makita natin ang pagpapala at kasaganaan sa ating buhay at sa buhay ng ating pamilya, mga anak, mga anak ng ating mga anak at ng ating simbahan. Samakatuwid, maging handa tayong magpagabay sa Banal na Espiritu at sa lubos na pagpapasakop sa Kanyang kalooban na sa wakas ang lahat ng Kanyang mahahalagang pangako sa Kanyang Salita ay makikita natin at matutupad sa ating buhay.

Tayo ay manalangin....

**Ang aking Panalangin:** Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang katotohanan ng kung paano akong mamuhay nang masaya at masagana, may mabuting kalusugan, kalakasan, mabuting gawa, pagkain ng tinapay at mayroong makaDios na pamilya, makaDios na mga anak, makaDios na mga apo, makaDios na simbahan at ministerio. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong mapagbiyayang Salita na nagdala ng pagasa, pananampalataya, kagalakan at katiyakan, pagkakaroon ng kumpinsya na ang lahat ng iyong mga pangako sa iyong Salita ay totoo.

Ngayon lumapit sa Dios at magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang kawalan ng kabanalan at walang pagkatakot sa Dios. Talikdan ang iyong pagmamataas, walang katapatan, kawalan ng malasakit para sa mga bagay ng Dios at sa Kanyang simbahan, walang kahandaang na maglingkod sa Kanya, kawalang kahandaan na disiplinahan ang iyong mga anak at palakihin sila sa pagkatakot sa Dios. Magsisi sa iyong kawalan ng mabuting katiwala, at kawalang kahandaang ibigay sa Dios ang nararapat para sa Kanya at sa Kanyang simbahan, Magsisi sa iyong kamunduhan, pagmakasarili, imoralidad, pagibig sa salapi, pagsisinungaling, pagdaraya, atbp.

Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi sa sumusunod na mga kasalanan \_\_\_\_\_

Panginoon Handa kong baguhin ang aking mga landas at Ipinangako ko ang aking sarili na ilapat ang lahat ng alituntunin na natutunan ko sa mensaheng ito at sa buhay ng aking pamilya, upang ang iyong mga pagpapala ay dumaloy sa akin at Ako'y magiging mapagkukunan ng pagpapala ng aking pamilya, ng aking mga anak, at ng iyong simbahan, at ang iyong pagpapala ay dumaloy sa pamamagitan ko hanggang sa susunod na salinlahi. Ito ang aking hangarin at kung ano ang aking pangako sa aking sarili na mabuhay para sa, Panginoon tulungan mo ako upang gawin ito, sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi at nangakong mamuhay sa pagkatakot sa iyo at sa mga alituntuning natutuhan namin ngayon mula sa inyong Salita. Panginoon salamat sa kahandaan nilang maglingkod sa iyo. Panginoon ibalik mo sila nang buo sa iyo at gamitin mo sila upang maglingkod sa iyo at itayo ang iyong simbahan. Panginoon, hayaan mong dumaloy ang iyong mga biyaya. sa kanilang katawan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng kalakasan at mabuting kalusugan. Panginoon pagpalain mo nawa ang kanilang mga asawa at mga anak at matupad ang iyong mga pangako sa kanilang buhay. Panginoon pagpalain nawa ang mga taong walang asawa sa kanila na may makadios nang makaDios na mga kabiyak upang magkaroon ng mga pamilyang makaDios, at tulungan silang palakihin ang mga anak na MakaDios, na ang iyong Salita at ang katotohanan ay maipasa sa susunod na salin lahi.

Panginoon, pagpalain kami bilang iyon simbahan, at itaas kami sa iyong biyaya, at tulungan kami na magpatuloy na manindigang matatag na ituro ang iyong Salita na ipinagtiwala sa amin. Panginoon ihanda mo ang mga walang asawa sa amin at ilagak sila sa makaDios na pag aasawa upang magkaroon ng mapalad na pamilya. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan namin upang maglingkod sa iyo. Panginoon patnubayan mo ng Banal na Espiritu upang mag ebanghelyo at gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa na yumaon at magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 21. Awit 128 - Ang mga may takot sa Diyos ay pinagpala nila ang mga pamilya at pinagpalang simbahan. Mga Awit 128:1-6. 2 Tesalonica 3:12. Hagai 1:9. Mga Hukom 9:13. Genesis 49:22. Mga Awit 80:8-11. Job 29:5 Genesis 50:23. Kawikaan 17:6. Mga Awit 20:1-2.

Dr. Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Dios  
United Arab Emirates

Email: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)  
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Dios, United Arab Emirates.

Sa karagdagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com).

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, ng iyong unang bunga at iba'tibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pananalapi, malaya kayo makipag-ugnayan sa akin sa whatsapp na numero: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)